


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 3: Komunidad Ko, Pahahalagahan Ko



Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Komunidad Ko, Pahahalagahan Ko
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Canticle Niño R. Mejia
Patnugot:	Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag
Tagaguhit:	Christopher S. Carreon
Tagalapat:	Rachel S. Dela Cruz
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 3:
Komunidad Ko, Pahahalagahan Ko

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain at aktibidad upang maunawaan ng mga mag-aaral ang Pagkilala sa Komunidad.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. natutukoy ang kahalagahan ng komunidad
2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng komunidad sa pamumuhay ng tao.
3. natutukoy na ang bawat bata ay may kinabibilangang komunidad.



Subukin

Isaayos ang mga *jumbled letters* upang makabuo ng mga salitang tumutukoy sa pagpapahalaga sa komunidad.

1. B A A Y N I H A N

2. M A S A L A K I T

3. P A G K A A K I S A

4. M A P A A Y P A

5. T U N G A N L U

Aralin 1

Komunidad Ko, Pahahalagahan Ko!



Balikan

Muli nating balikan ang mga batayang impormasyon ng komunidad.

Itambal ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.


Hanay A	Hanay B
1. namumuno	A. kumulang humigit sa 6,900 katao
2. relihiyon	B. Barangay San Pablo
3. wika	C. Tagalog, Pampango, Ilokano
4. lokasyon	D. santan
5. populasyon	E. Kapitan Lambanicio
	F. Kristiyano, Muslim

May mga batayang impormasyon ang bawat komunidad na dapat malaman at tandaan tulad ng pangalan, lokasyon, populasyon, pinuno, wika at mga grupong etniko at relihiyon.



Tuklasin

Bilang isang bata mahalaga na may kinabibilangang komunidad. Kung ikaw ay nakatira sa malayong lugar na malayo sa kabayanan, walang kapitbahay at mga istrukturang makapagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan. Anong mararamdaman mo? Basahin ang salaysay ni Mario upang maunawaan ang kahalagahan ng isang komunidad. Ano-ano ang maiaambag nito sa iyo?



Ito ang aking komunidad, kasama ng aming mag-anak dito ako naninirahan. Saan ka man lumigon, bawat kasapi ay ginagampanan ang kanilang tungkulin tungo sa pag-unlad.

Malaki ang naiaambag ng aking mga nakikita sa paghubog ng aking pagkatao. Nagtutulungan sa mga gawain, pagmamalasakit sa kapwa at pakikiisa sa mga programa ng Barangay. Tahimik na kapaligiran, mapayapang paninirahan ang hatid nito sa amin.

Maayos ang aming pamumuhay at masagana ayon sa uri ng hanapbuhay na mayroon dito sa aming komunidad.



Suriin


1. Ano ang kahalagahan ng komunidad batay sa salaysay ni Mario? _____
2. Bilang isang bata, ano ang maibabahagi mo sa iyong komunidad? _____
3. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa iyong komunidad? _____

Ang bawat bata ay may kinabibilangang komunidad na dapat pahalagahan.

Bilang isang bata, mapahahalagahan mo ang iyong komunidad sa pagsunod sa mga alituntunin nito, pagsunod sa mga babala at paalala at batas trapiko. Ang pagpapanatili sa kalinisan ng iyong kapaligiran, pagpapakita ng kagandahang asal tulad ng pagiging magalang at pagbibigay ng respeto sa kapwa ay mga paraan ng pagbibigay halaga sa komunidad.

Mahalaga ang komunidad sa paghubog ng pagkakaisa, pagtutulungan, kapayapaan, pag-uunawaan at paguugnayan ng bawat isa. Kung ang mga ito ay binibigyang halaga, tayo ay makasisigurong magkakaroon ng isang ligtas at mapayapang pamumuhay ang bawat kasapi nito.

Ang diwang pagkakaisa at may pagkakaunawaan ay naglalayo sa anumang kaguluhan kung saan ay makatutulong sa pagsulong at pag-unlad ng isang komunidad.




Pagyamanin

A. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang pag-uugali na ipinakikita ng bawat larawan. Isulat ang sagot sa papel.

pakikiisa pagtutulungan pagbabayanihan
malasakit pagbibigayan



1.



2.



3.



4.



5.

B. Panuto: Isulat kung **TAMA** o **MALI** ang isinasaad ng bawat pangungusap tungkol sa komunidad. Isulat sa papel ang tamang sagot.


- _____ 1. Ang pagkakaisa ng bawat kasapi ay mahalagang sangkap ng isang komunidad
- _____ 2. Ang komunidad na may pagtutulungan ay malayo sa pag-unlad.
- _____ 3. Ang komunidad ay payapa kung ang bawat kasapi ay may pagkakaisa at pagkakaunawaan.
- _____ 4. Magkakapareho ang bawat komunidad.
- _____ 5. Mahalaga ang komunidad sa paghubog ng isang indibidwal.

C. Panuto: Hanapin sa *crossword puzzle* ang mga katangian na nagpapakita ng pagpapahalaga sa komunidad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



P	A	G	T	U	T	U	L	U	N	G	A	N	E
P	A	G	K	A	K	A	I	S	A	X	V	B	Y
A	W	L	T	S	K	K	Y	T	L	A	S	A	K
P	A	G	K	A	K	A	U	N	A	W	A	A	N
M	A	L	A	S	A	K	I	T	J	K	L	J	K
Q	L	P	B	A	Y	A	N	I	H	A	N	L	C

D. Panuto: Isulat sa loob ng puso ang mga pangungusap na naglalahad ng pagpapahalaga sa komunidad at sa kahon naman kung hindi. Gawin ito sa papel.

1. Pinapanatiling malinis ang kapaligiran.
2. Pakikibahagi sa mga proyekto ng komunidad.
3. Pagsali sa mga rally at protesta.
4. Pagbibigay ng tulong sa oras ng kalamidad.
5. Paggawa ng mga ilegal na gawain tulad ng pagnanakaw.



E. Panuto: Magbigay ng limang (5) katangian na dapat taglayin sa pagpapahalaga ng isang komunidad.
Gawin ito sa papel.




F. **Panuto:** Ilagay ang masayang mukha 😊 kung ang isinasaad ng pangungusap ay tamang gawain sa pagpapahalaga ng komunidad at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

	1. Nakikiisa ako sa mga programa ng aming komunidad tulad ng clean-up drive.
	2. Madalas na makisama sa gulo si Mang Tino.
	3. Handang tumulong sa pagbibigay ng <i>relief goods</i> ang aming punong-barangay sa mga nasalanta ng bagyo.
	4. Isa sa proyekto ng aming komunidad ang pagtatanim ng mga puno.
	5. Sinisigurong ligtas at payapa ng mga opisyal ang aming komunidad.

G. Panuto: Kulayan ng pula ang mga larawan na nagpapakita ng pagpapahalaga sa komunidad at kulay asul kung hindi.

1.




2.



3.



4.



5.



H. Panuto: Mula sa awiting “Masaya Kung Sama Sama”. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Masaya Kung Sama Sama

Inawit ng Bulilit Singers

*Masaya kung sama-sama ang magkakaibigan,
Lalo na kung may awitan at may tawanan.
Kay inam ng buhay kung nagmamahalan,
Masaya kung sama-sama at may bigayan.*

1. Ano-ano ang mga katangian ang nasa awitin kung ang lahat ay magsasama-sama?

2. Anong katangian ang nabanggit upang maging mainam at maayos ang ating buhay?

3. Ano ang mangyayari sa isang komunidad na may magandang samahan?

4. Magiging maunlad ba ang isang komunidad na may pagmamahalan ang bawat kasapi? Bakit? Ipaliwanag ang sagot.

5. Mahalaga ba na may pagbibigayan sa isang komunidad? Bakit? Ipaliwanag ang sagot.



Isaisip

Kumpletuhin ang mga salita sa loob ng kahon upang mabuo ang talata.


Ang bawat ay may kinabibilangang komunidad na dapat pahalagahan.

Mahalaga ang komunidad sa
ng , pagtutulungan
, pag-uunawaan at
paguugnayan ang bawat kasapi nito tungo sa
pagsulong at .



Isagawa

Panuto: Magbigay ng mga paraan kung paano mo mapahalagahan ang iyong komunidad. Isulat sa loob ng bawat puso ang iyong sagot. Gawin ito sa papel.



Tayahin

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng hugis  kung ito ay nagpapaliwanag sa kahalagahan ng komunidad at ekis  naman kung hindi.

	1. Mahalaga na may pagkakaisa at pagkakaunawaan ang isang komunidad.
	2. Ang komunidad na may pagsisikap ay siguradong hindi uunlad.
	3. Ang bawat bata ay kabilang sa isang komunidad na dapat pahalagahan.
	4. Ang komunidad na may pagkakaunawaan at mapayapa ay malayo sa kaguluhan.
	5. Bilang isang bata ay wala kang magagawa upang mapahalagahan ang iyong komunidad.



Karagdagang Gawain

Isulat ang mga paraan kung ano ang magagawa ng kinabibilangang komunidad:



sa batang
katulad mo



sa pamilya



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. BAYANIHAN 2. MALASAKIT 3. PAGKAKAISA 4. MAPAYAPA 5. TULUNGAN	Baliklan 1.E 2.F 3.C 4.B 5.A	Suriin Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral sa magiging talakayan sa klase.	Pagymananin A 1. malasakit 2. pagbabayaninhan 3. pagtutungan 4. pakikisasa 5. pagbibigayan
B 1. TAMA 2. MALI 3. TAMA 4. MALI 5. TAMA	C 1. pagtutungan 2. pagkakaisa 3. pagkakaunawaan 4. malasakit 5. bayaninhan	D Bilang 1, 2, 4 sa loob ng puso Bilang 3 at 5 sa loob ng kahon.	E Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral.
F 1. 😊 2. 😊 3. 😊 4. 😊 5. 😊	G 1. pula 2. asul 3. asul 4. pula 5. pula	H Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata.	Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral.
Isagawa Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral depende sa kanilang komunidad na kinabibilangan.	Tayahin 1. ♡ 2. X 3. ♡ 4. ♡ 5. X	Karagdagan Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata.	

Sanggunian

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Komunidad ko, Mahal ko" *Araling Panlipunan 2* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 36-41.

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Komunidad ko, Mahal ko" *Araling Panlipunan 2 Patnubay ng Guro* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 34.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph